ISSN 2672-2879
Tomo 2 Blg. 3, Mayo-Hunyo 2020

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Bagaso ng mais para sa mas malusog na kalabaw

NI **CHARLENE JOANINO**

**Mahalagang alamin ang tamang nutrisyon para sa alagang kalabaw upang masiguro ang kalusugan nito. Isa sa maaaring ipakain ay ang bagaso ng mais na nakapagbibigay enerhiya.**

Noong nakaraang taon, nagsimulang kumuha ng bagaso ang DA-PCC sa halos 100 ektaryang taniman ng mais sa Brgy. Concepcion, Sto. Domingo, Nueva Ecija. Ito ay sa pakikipag-ugnayan sa ilang magsasakang masayang ibinigay ang kanilang mga bagaso sa ahensya.

Ang bagaso ay *by-product* ng mais na kadalasang sinusunog lamang.

Ayon kay Rogelio Antiquera, DA-PCC *Science Research Technician III*, bukod sa nakatutulong ang ahensiya sa pangangalaga ng kalikasan, nagkakaroon din ng benepisyo ang mga magsasaka mula rito.

"Kalimitang tumatagal ng 75-85 araw ang taniman ng mais. Pagkaraan ay palay at sibuyas naman ang ipatatanim kaya kailangang malinisan ang mga bagaso sa bukirin," dagdag niya.

Dahil kinukuha ng DA-PCC ang bagaso, hindi na kinakailangan pang iupa ng Php3,500 ang pagtatanggal dito.

Nakakukuha ang DA-PCC ng 25 toneladang bagaso kada isang ektarya o nasa kabuuang 80-100 tonelada noong 2019 nang magsimula ito.

Mula Mayo hanggang Hunyo naman ngayong taon ay mayroon nang 300 *tons* na nakolekta ang DA-PCC. Ito

SUNDAN SA P. 3

LARAWANG KUHA NI ROWENA BUMANLAG



## Ayuda para sa mga magsasakang maggagatas

NI **MA. CECILIA IRANG**

**Makakampante na ngayon ang mga maggagatas na hirap makahanap ng merkado para sa kanilang mga ani dahil sa krisis na dulot ng COVID-19. Ito ay matapos magpaabot ng suporta ang San Miguel Corporation (SMC) at umangkat ng gatas ng kalabaw sa halagang Php500,000 mula sa mga kooperatiba ng mga maggagatas.**

Lumabas sa isinagawang *survey* ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na may krisis sa pagbebenta ng gatas ng kalabaw ang mga magsasakang maggagatas dahil sa dalawang buwang *quarantine*. Sa katunayan, 50% ang nabawas sa kita ng mga maggagatas kumpara sa dati nilang kita bago ang pandemya.

Nang mapag-alaman ang kalagayang ito ng mga

SUNDAN SA P. 7

## Pagdiriwang sa buwan ng magsasaka, mangingisda

NI **CHARLENE JOANINO**

Bilang pagkilala sa mga lokal na magsasaka at mangingisda, nagsagawa

SUNDAN SA P. 4



# Pagkakaisa sa iisang adbokasiya

NI **MA. CECILIA IRANG**

**Maliban sa adhikaing mabawasan ang malnutrisyon na umiiral sa mga bata, ang merkado para sa aning gatas ng mga magkakalabaw ay garantisado na rin sa ilalim ng magkasamang proyekto ng Department of Agriculture-Philippine Council for Agriculture and Fisheries (DA-PCAF), DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC), at Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO).**

Ito ay matapos nilang lagdaan ang isang *memorandum of agreement*, na naglalayong isulong ang kamalayan sa kalusugan *(health awareness)* ng mga mamamayan bilang tugon sa peligrong hatid ng pandemyang COVID-19.

Sa ilalim ng pagtutulungan, sigurado na ang merkado para sa gatas ng NEFEDCCO dahil sa pagbili ng PCAF ng halagang Php100,000 ng gatas ng kalabaw (300 litro) na gagamitin sa *milk feeding program* sa loob ng tatlong buwan. Ito ay magbibigay benepisyo sa 46 na mga batang (3-5 taong gulang) kulang sa nutrisyon sa mga piling barangay sa Talavera, Nueva Ecija.

Ang DA-PCAF, sa pangunguna ni OIC-*Executive Director*

**SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA**

**Ang adhikaing ito ay naglalayong hikayatin ang mga kooperatibang salig sa kalabaw na inaasistehan ng DA-PCC sa iba't ibang panig ng bansa na maging mga miyembro ng *agricultural and fishery councils* bilang *advisory bodies* ng DA.**



Dr. Liza Battad, ay nakipag-ugnayan sa NEFEDCCO at lokal na pamahalaan ng Talavera para sa pagtukoy ng mga benepisyaryo ng *milk feeding program.* Nakapili ito ng 46 na benepisyaryo sa mga lugar kung saan mataas ang insidente ng malnutrisyon. Ang iba pang mga bagay na isinaalang-alang sa pagpili ay ang kalapitan ng *feeding center* sa pagkukunan ng *pasteurized milk* at pagkakaroon ng *cooling facilities.*

Ang inisyatibang ito ay bahagi ng pagsisikap ng DA-PCAF na makatulong sa mandato ng DA na matiyak ang pagkakaroon ng sapat na pagkain at makapagbigay ng kita sa mga magsasaka at mangingisda.

Layunin din ng proyekto na maging isang *advocacy program* na maaaring tularan ng iba pang mga lokal na pamahalaan kung saan mayroong mga maggagatas at mga batang kulang sa nutrisyon.

Sa kabilang banda, inasistehan naman ng DA-PCC ang NEFEDCCO sa pagsasagawa ng proyekto sa pamamagitan ng National Impact Zone na saklaw ang probinsya ng Nueva Ecija sa ilalim ng Carabao Development Program nito. Nagbigay din ng suporta ang DA-PCC sa NEFEDCCO sa pagsusuri ng gatas at iba pang mga kaugnay na teknikal na serbisyo para masiguro ang kalidad ng mga produktong gatas sa tulong ng Carabao Enterprise Development Section nito.

Nagsimula ang *milk feeding* noong Hunyo 1 at matatapos sa Agosto. Ang NEFEDCCO at DA-PCC, sa pakikipag-ugnayan sa LGU-Talavera, ay patuloy na susubaybay sa proyekto at magbibigay ng *feedback* sa DA-PCAF ukol sa implementasyon nito.



## Bagaso ng mais...

MULA SA P.1



> **Magandang i-*silage* ang mais kasi nasa 65%-70% ang *moisture content* nito. Kapag mas mataas pa rito, maaaring mabulukan ka."**
>
> **Rogelio Antiquera**
> DA-PCC *Science Research Technician III*

ay sapat nang pakain hanggang Disyembre nitong taon para sa higit 400 na kalabaw na inaalagaan ng ahensya sa Science City of Muñoz at Saranay, San Jose City, Nueva Ecija.

"Kung noong nagsimula tayo, hindi pa natin napagplanuhan nang maigi ang pagsasagawa dahil biglaan, ngayon mayroon nang grupo na nakatutok dito," pagbabahagi ni Antiquera.

Binigyang-diin niya na mahalagang malaman ang tamang panahon ng pagkuha nito lalo't ang mais ay malimit inaani tuwing tag-init, panahong may kakulangan sa pakain sa kalabaw.

Ang bagaso ng mais ay ginagawang *silage* o burong pakain ng DA-PCC upang maiimbak ito ng mahabang panahon at mapreserba ang *nutrients* nito. Tumatagal ng dalawa hanggang tatlong linggo ang pagbuburo ng bagaso.

Isang beses sa isang araw o tuwing umaga lamang ipinakakain ng DA-PCC ang silage sa mga alagang kalabaw. Nagpapakain din ng pinagbuting damo at *concentrates* upang mapainam pang lalo ang kalusugan ng mga kalabaw.

"Maganda ang kinalabasan ng ugnayan natin sa mga magsasaka dahil hindi lamang tayo ang nagkaroon ng benepisyo dito, maging sila. Sa katunayan, nakatipid din tayo dahil mas mahal kung uupa tayo ng lupang puwedeng tamnan ng mais," ani Antiquera.

Sa kabilang banda, tradisyunal pa rin ang pagtingin ng mga magsasaka sa Brgy. Concepcion sa kalabaw. Ginagamit nila itong katuwang sa kanilang pagsasaka kahit na karamihan ay mayroon nang mataas na lahi.

"Hindi pa masyadong alam ng mga magsasaka doon sa barangay ang mga teknolohiya ng DA-PCC. Kaya puwede namin silang higit pang matulungan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kaalaman sa negosyong salig sa pagkakalabaw na maaaring magbigay ng dagdag kita sa kanila," paglalahad ni Antiquera.

Tunay nga na ang pagtutulungan ay nagbubunga ng maganda. Isang patunay nito ang DA-PCC at mga magsasaka ng mais sa Brgy. Concepcion na ngayo'y patuloy na tinatamasa ang mga kaiga-igayang pakinabang na hatid ng kanilang ugnayan.

# Pagsasanay sa *baking, pastry making*

NI **AILEEN BULUSAN**

**DA-PCC sa CSU — Dagdag na kaalamang pangkabuhayan ang hatid ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) sa 16 na kababaihan sa isang *hands-on training* sa *baking* at *pastries making*.**

Ito ay naganap noong Mayo 12 at dinaluhan ng mga miyembro ng mga piling kooperatibang inaasistehan ng DA-PCC sa CSU.

Bahagi ito ng inisyatiba ng DA-PCC sa CSU sa National Women's Month noong Marso na naipagpaliban dahil sa *Enhanced Community Quarantine.*

Kombinasyon ng *lecture* at *demonstration* ng pagluluto ang ginawa sa pagsasanay.

Ibinahagi ang *recipe* sa paggawa ng *chocolate chips cookies, hot milk cake, milk cake,* at *vanilla sponge cake.* Sa mga nabanggit, napili sa *taste test* ang *hot milk cake* bilang *"Best Product of Choice".*

Itinuro din ang kahalagahan ng bawa't sangkap sa pagluluto gamit ang iba't ibang kasangkapan, saktong pagsukat at paghahalo ng mga ito, at tamang oras sa pagluluto.

Isinulong sa inisyatiba na hindi lamang mahihikayat ang mga kalahok na makibahagi sa *economic activity* ng lipunan kundi upang mahasa rin ang kanilang *entrepreneurship ability* na maaari nilang gamitin sa pagpapaunlad ng kanilang buhay.

Pinangunahan nina DA-PCC sa CSU *Center Director* Frank Rellin at *Senior Science Research Specialist II* Edelina Rellin ang pagsasanay.

Nauna nang ginanap ang Gender and Development Orientation (GAD) at pagsasanay sa pagpoproseso ng gatas at karne ng kalabaw noong Marso 20. Ang mga nagsidalo ay mula sa DA-PCC sa CSU, piling kooperatiba, at asosasyon ng mga magsasaka.

Buhat nang sumailalim ang DA-PCC sa CSU sa isang GAD *orientation* at *training-workshop* noong 2018, taun-taon nang nagsasagawa ang *center* ng aktibidad na may kinalaman sa pagpapaunlad ng buhay ng mga kababaihan. Layunin nito na mapalakas pang lalo ang papel na ginagampanan ng babae para sa mga gawaing kapaki-pakinabang sa lipunan.



LARAWANG KUHA NI SARAH ANGELICA

# Pagdiriwang ... MULA SA P.1

ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ng iba't ibang aktibidad noong Mayo 27-29 sa San Jose City, Nueva Ecija.

"Kami ay nagbibigay-pugay sa ating mga magsasaka. Kung ang iba ang tawag sa kanila ay *frontliners*, at ang ilan naman ay *backliners*, para sa amin, sila ay mga modernong bayani," ani *DA-PCC Executive Director* Arnel Del Barrio.

Kaniyang binigyang-diin ang kanilang hindi matatawarang kontribusyon sa pagpapataas ng produksyon ng pagkain, na aniya ay tunay na lunas laban sa COVID-19 lalo't wala pang bakuna.

Isinagawa ng DA-PCC sa tatlong araw na pagdiriwang ang mga inisyatibang nakaalinsunod sa "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Kontra COVID-19"ng DA. Layon nito na matiyak ang seguridad sa *supply* ng pagkain sa panahon ng pandemya.

Inilunsad ang mga proyekto ng DA-PCC sa ilalim ng ALPAS COVID-19 kung saan iniangkla ang mga aktibidad sa *urban gardening* at gulayan sa barangay, pagpapakilala ng dalawang bagong produkto ng Milka Krem (Milkybun at Milk Pops), sabay-sabay na paglulunsad ng Kadiwa Buffalo Milk on Wheels sa iba't ibang sangay ng DA-PCC sa buong bansa, paglulunsad ng Ruminant Research Clinic sa Saranay, SJC, pagtatanim ng mga damong pakain, at pagkakaloob ng mga kalabaw sa mga miyembro ng Tayabo Agro-Entrepreneur Natures Innovators Movement (TANIM).

Isang *community feeding program* din ang isinagawa ng ahensiya para sa 500 bata sa Brgy. F.E Marcos, San Jose City. Nakatanggap sila ng 200-ml sachet ng gatas ng kalabaw at Milkybun, isang tinapay na may gatas ng kalabaw at mayaman sa *nutrients*.

Nabigyan din ang Tahanan ng Damayang Kristiyano na nangangalaga sa mga inabandonang bata at mga matatanda sa SJC ng gatas at Milkybun.

Bilang isa sa mga *target areas* ng DA-PCC para sa mga proyekto nito sa ALPAS COVID-19, nagkaroon ng paglalagda ng *memorandum of agreement* sa pagitan ng DA-PCC at lokal na pamahalaan ng San Jose.

Hinimok naman ni SJC Mayor Mario "Kokoy" Salvador ang mga magsasaka na




nabiyayaan sa mga proyekto na maging matiyaga sa pagsustina ng mga ito. Kaniyang binigyang-diin na makatutulong ito upang mas lalo pang pag-igihan ng pamahalaan ang pagsasagawa ng mga proyekto at programa na makatutulong sa mga magsasaka.

Ang mga proyekto ay ang Unlad Lahi *Project* (ULaP), na may layong maparami ang produksyon ng gatas at karne at makapagbigay kabuhayan sa mga magsasakang nawalan ng pagkakakitaan dahil sa pandemya; *Creating Opportunities through Value Innovations and Development (COVID)* na makatutulong sa pagpapataas ng *food productivity, availability, accessibility,* at *sustainability* sa pamamagitan ng mga teknolohiya ng DA-PCC; Gatas, Isda, Gulay, at Karne (GIGK), na makatutulong sa pagpapalago ng produksyon, *supply* ng pagkain at pakain; at Cara-Aralan na makapagmimintina sa pagbibigay impormasyon, edukasyon, at komunikasyon sa mga magsasaka, *carapreneurs*, at iba pang kabilang sa industriya ng pagkakalabaw.

Noong 1998, idineklara ang Mayo bilang Buwan ng Magsasaka at Mangigisda sa ilalim ng *Presidential Proclamation No. 33.*

# Kalabawan, mas pinalawig sa Iloilo

NI **MARIA ANTONETTE ANDARZA**

**DA-PCC sa WVSU — Inaasahang mas lalo pang mapalalago ang industriya ng pagkakalabaw sa Iloilo lalo't limang magsasaka ang pinahiraman ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU) ng kalabaw.**

Naipagkaloob ang mga ito sa isang *turnover ceremony* noong ika-28 ng Mayo sa DA-PCC sa WVSU. Ang naturang inisyatiba ay nakapaloob sa "Paiwi Program" ng DA-PCC. Isinusulong sa programa ang pagpapaunlad ng buhay ng mga magsasaka sa tulong ng kalabaw na maaaring mapagkunan ng gatas at karne.

Binigyang-diin ni Atty. Hansel Didulo, DA *Assistant Secretary for the Visayas,* ang kabutihang dala ng programa sa mga benepisyaryong magsasaka, *"Ang ining programa sang gobyerno ang may tinutuyo nga buligan ang mga mangunguma nga parehas sa inyo, nga maka angkon sang maayo nga pangabuhian. Ang ginapangabay lang namon, nga ining mga karabaw nga ginpagkatiwala sa inyo sang gobyerno, amligan niyo gid, sagudon niyo gid sang maayo, kay para man ini sa ika-asenso sang pangabuhian niyo."*

(Ang programang ito ng gobyerno ay naglalayon na matulungan ang mga magsasakang katulad ninyo na magkaroon ng pagkakakitaan. Ang hinihingi lang namin ay alagaan at pakaingatan ninyo ang mga kalabaw na ipinagkaloob sa inyo, dahil para rin ito sa ikabubuti ng kabuhayan ninyo).

*Purebred Italian buffaloes* ang ipinamahagi na inaalagaan sa pamamaraang *confined feeding.* Napag-alamang nakapagbibigay ng 9-10 litro ng gatas ang bawa't isang kalabaw kada araw, mas mataas kumpara sa mga *crossbred* na kalabaw.

Nakatanggap din ang bawa't benepisyaryo ng *mineral blocks* o suplimentong pakain na nakapagbibigay ng karagdagang nutrisyon sa kalabaw.

Ang nasabing aktibidad ay bahagi ng tatlong araw na selebrasyon sa linggo ng mga magsasaka at mangingisda.

Kabilang sa mga idinaos ng DA-PCC sa WVSU ay *Bread Making with Carabao's Milk,* kung saan ang mga kababaihang miyembro ng Calinog Farmers Agricultural Cooperative ay gumawa ng pandesal na may gatas ng kalabaw at namahagi ng 10 litrong sariwang gatas at 40 litrong *flavored milk* sa *12$^{th}$ Infantry Battalion,* Brgy. Libot, Calinog, Iloilo para sa *community feeding.*





# Sikad-kalabawan sa Region XII

NI **RODOLFO JR. VALDEZ**

**DA-PCC sa USM — Sa kabila ng hamon na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) ay patuloy na pinatatatag ang pagtuon sa mandato ng ahensiya na palaganapin ang kahalagahan ng kalabaw bilang mapagkukunan ng gatas, karne, at lakas-pantrabaho para sa ikauunlad ng mga magsasaka.**

Ayon kay Benjamin John Basilio, *center director* ng DA-PCC sa USM, pinaiigting ngayon ang pamamahagi ng mga programa at serbisyo ng DA-PCC upang sa gayon ay makatulong sa mga magsasakang labis na naapektuhan ng pandemya.

Sa katunayan, naging bahagi ang DA-PCC sa USM sa pagtawag-pansin ng D&L Farm sa mga lokal na pamahalaan na maging bahagi ang gatas ng kalabaw, bilang kilalang "almost complete food" dahil sa taglay nitong protina at mga bitamina, sa mga pagkaing ipinamamahagi sa mga *frontliners* sa kani-kanilang bayan.

"Nangamba kami sa naging epekto ng COVID-19 para sa amin na mga magkakalabaw, buti na lang nariyan ang partisipasyon ng DA-PCC sa pakikipag-unayan sa mga lokal na pamahalaan upang maisagawa ang inisyatibang *milk feeding program* para sa *frontliners,*"pahayag ni Dominic Paclibar, may-ari ng D&L Farm at isa sa mga magsasaka na inaasistehan ng DA-PCC sa USM.

Bukod dito, malaki rin ang pasasalamat ng mga magsasaka ng Aleosan at Pigcawayan matapos ipagkatiwala sa kanila ang apat at dalawang mga bulugang kalabaw, ayon sa pagkakabanggit, bilang bahagi ng *Bull Loan Program (BLP)* ng ahensiya.

"Malaki ang pasasalamat ko sa DA-PCC dahil kahit nasa gitna tayo ng krisis ay pinagbigyan pa rin kami sa aming hiling at alam naming makakadagdag ito sa aming kita. Bilang tugon sa ahensiya, sisiguraduhin naming mapapataas ang lahi ng kalabaw dito sa aming barangay," ani Esauro Caballero, magsasaka at *recipient* ng BLP sa Aleosan, Cotabato.

Sa kabilang dako, bilang tugon sa naging limitadong galaw ng mga tao sa pagpapairal ng *General Community Quarantine*, nakiisa ang DA-PCC sa USM sa inisyatiba nitong "Buffalo Milk on Wheels". Ito ay nakaangkla sa programa ng Department of Agriculture na "Kadiwa ni Ani at Kita".

"Ang inisyatibang ito ay naging pabor sa aming mga mamimili na bibihira na lang lumabas dahil sa COVID-19. Napadali ang pagbili ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw," ani Danica Grace Besana, residente ng Kabacan, Cotabato.

Noong Hunyo 19, nakatanggap naman ng 17 kalabaw ang Highland Agricultural Credit Cooperative (HACC) sa ilalim ng proyektong *Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB Karbawan)- Carabao-based Business Improvement Network (CBIN)* ng DA-PCC.

"Ang 17 kalabaw na inihatid sa HACC ay pauna pa lamang sa 50 kalabaw na ipagkakaloob sa kanila," ani Dir. Basilio.

Dagdag ni Dir. Basilio, "Dumaan sa masusing pagpaplano ang HACC upang mapabilang ito sa limang kooperatiba na mabibigyan ng DA-PCC sa USM ng gatasang kalabaw.

Ang CBIN ay proyektong pinangungunahan ng DA-PCC at pinondohan ng opisina ni Senator Cynthia Villar. Layon nito na isulong ang lokal na industriya ng paggagatasan sa mga piling probinsya sa bansa.

"Ang pagpapatupad ng mga programa at serbisyo ng DA-PCC ay patuloy naming pinag-iigi bilang kami ang nagsisilbing tulay ng biyaya para sa mga magsasaka sa region 12," ani Dir. Basilio.

# Masiglang paggagatasan sa Carangcarang *dairy farm*

NI JESON CANDOLE

**DA-PCC sa CMU —Pinagkalooban ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) si Rendon Carangcarang ng tatlong adisyunal na buntis na gatasang kalabaw sa ilalim ng programang "paiwi" noong Mayo 28 sa Don Carlos, Bukidnon.**

Si Carangcarang ay isa sa mga aktibong miyembro ng Muleta Side Buffalo Association ng San Francisco, Don Carlos, Bukidnon simula pa noong 2017.

Ayon kay Dr. Elena Paraguas, *carabao-based enterprise development coordinator* ng DA-PCC sa CMU, nagbigay na ang DA-PCC ng paunang tatlong kalabaw kay Carangcarang noong Enero 9, 2019. Samakatuwid, pitong gatasang kalabaw na ang inaalagaan ni Carangcarang ngayon at ginagamit sa kaniyang kabuhayan.

Dagdag ni Dr. Paraguas, ang pagkakatiwala ng gatasang kalabaw ay bahagi ng paghahanda para sa *national school milk feeding program*, na maghahatid ng mataas na pangangailangan sa lokal na produksyon ng gatasang kalabaw.

Ibinahagi ni Carangcarang na siya ay lubos na naniniwala na ang negosyong pagkakalabawan ay isa sa solusyon sa kahirapan at batid niyang ito ay adisyunal na mapagkakakitaan.

Sa kasalukuyan, si Carangcarang ay nakasubok nang kumita ng Php20,000 hanggang Php30,000 sa isang buwan mula sa pagbebenta ng 450 litro ng gatas. Dahil dito, natustusan niya ang pag-aaral ng kanyang mga anak, nabayaran niya ang kanyang mga pagkakautang, at bastanteng natutugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

"Paulit-ulit kaming nangangampanya sa pamayanan upang hikayatin ang mga magsasaka na pasiglahin ang pagkakalabawan sa ating lalawigan," ani Engr. Merlyn Los Baños, *municipal agriculturist* ng Don Carlos.

Dagdag pa ni Engr. Los Baños, mahalaga ang ambag ng mga maggagatas upang masugpo ang problema sa malnutrisyon at matugunan ang kakulungan ng lokal na suplay ng gatas sa kanilang bayan.

Sa panayam kay Carlo Magno Abellanosa, *chairman* ng MUSBUDA, ang programa ng DA-PCC sa pagkakalabawan, aniya, ay isang kapaki-pakinabang na gawain na malaki ang ginhawang naidudulot hindi lamang sa kaniyang pamumuhay kundi maging sa mga kakilala niyang magsasaka.

"Masuwerte ang asosasyon dahil sa nakukuha nitong tuluy-tuloy na suporta mula sa DA-PCC. Bukod sa mga serbisyong kagyat nitong ibinibigay, nakapag-ambag din ng malaki ang DA-PCC sa pagpapabuti ng kalusugan at nutrisyon ng pamayanan samantalang pinauunlad nito ang kabuhayan naming mga magsasaka," ani Abellanosa.

# Ayuda para sa mga magsasakang...

MULA SA P.1

maggagatas, nagpasiya ang SMC na bilin ang aning gatas ng mga maggagatas na direktang naapektuhan ng krisis.

"Sa pamamagitan ng pagbili ng sobra nilang gatas, umaasa tayo na matutulungan hindi lamang 'yong mga magsasaka natin na manatili sa negosyo bagkus ay maidala ang masustansiyang gatas ng kalabaw sa mga komunidad kung saan marami ang mga higit na nangangailangang pamilya," ani SMC *president* at *chief operating officer* Ramon Ang.

Nakipag-ugnayan ang SMC sa DA-PCC sa Nueva Ecija para bigyang katuparan ang inisyatibang ito at tukuyin ang mga kooperatiba ng maggagatas sa Nueva Ecija na pagbibilhan nila ng gatas.

Isa ang lalawigan ng Nueva Ecija sa mga nangunguna sa may pinakamaraming produksiyon ng gatas sa bansa. Ito ay nakapagtala ng kabuuang 1.8 milyong litro noong 2019 base sa datos ng DA-PCC.

Pagkatapos ng pagpupulong sa pagitan ng DA-PCC at SMC noong Hunyo, apat na kooperatibang inaasistehan ng DA-PCC na may mga lisensiyang magpatakbo ng negosyo mula sa Food and Drugs Administration ang natukoy, kabilang dito ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives, Catalanacan Multipurpose Cooperative Inc., Eastern Primary Multipurpose Cooperative, at Pulong Buli Multipurpose Cooperative.

Ang SMC, sa pamamagitan ng San Miguel Foundation Inc. (SMFI), ay bumili ng 25,000 *sachets* (Php20 kada *200ml sachet*) ng *toned carabao's milk* na may kabuuang halaga na Php500,000.

Inasistehan naman ng DA-PCC ang mga kooperatiba ng maggagatas at mga planta nito sa pagdadala ng *toned carabao's milk* para sa mga benepisyaryo.

Nagsagawa ng *feeding program* ang SMC, sa pakikipagtulungan sa DA-PCC at mga kooperatiba, para maipamahagi ang gatas sa mga benepisyaryo kabilang ang mga bata, matatanda, at *frontliners* na labis na naapektuhan sa lugar ng Pampanga, Bulacan, Navotas, Manila, Malabon, Cavite, Quezon City, San Juan, at Mandaluyong.

Ang inisyatibang ito ay bahagi ng pagsisikap ng SMC na matulungan ang industriya ng agrikultura at makapagbigay ng suportang pangkalusugan at nutrisyon sa mga dehadong pamilya at komunidad dahil sa hindi kanais-nais na epektong dulot ng pandemya sa ekonomiya at kapakanan ng mga tao.

Batid ng marami ang sustansiyang taglay ng gatas ng kalabaw na nakatutulong para palakasin ang resistensiya ng tao laban sa COVID-19. Ayon sa mga pag-aaral, mas mababa ang *cholesterol content* nito, higit pa ito sa *minerals* at *calcium*, at mas mayaman sa protina, bitamina, at sa enerhiya. Dahil dito, itinuturing na rin itong isang "pinakakumpletong pagkain", kaya naman ginagamit din ito ng mga lokal na pamahalaan sa mga programang pangkalusugan para maiwasan ang malnutrisyon sa kanilang mga nasasakupan.

"Ginambala ng pandemyang ito ang araw-araw na pinagkakakitaan ng *dairy value chain players.* Kaya naman itong inisyatiba ng SMC ay talagang napapanahon at nagpapasalamat tayo sa kanilang kahandaang tumulong sa gitna ng krisis na ito. Dumating sila sa oras na kailangang-kailangan ng maggagatas ng tulong," ani DA-PCC Executive Director Dr. Arnel Del Barrio.

Ang proyekto, sa ilalim ng pangangasiwa ng SMFI, ay magkakaroon din ng pangmatagalan at tuluy-tuloy na benepisyo para sa mga magsasaka.

Ayon kay Mina Abella, hepe ng Carabao Enterprise Development Section ng DA-PCC, sa Phase 2 ng proyekto ay gagamitin ang teknikal na kadalubhasaan ng *packaging arm* ng SMC na San Miguel Yamamura Packaging Corp. (SMYPC) sa aspetong *research and development* (*R&D*) para sa isterilisasyon ng gatas at i-ugnay ito sa mga posibleng *toll manufacturers.*

Sinabi ni Ang na ang *technical assistance* ng SMC ay makatutulong sa DA-PCC para makalinang ng mga paraan para mapahaba ang *shelf life* ng gatas ng kalabaw na mula sa pitong araw ay maaari itong lumawig sa tatlo hanggang anim na buwan. Dahil sa mahabang *shelf life*, ang isterilisadong gatas ay maaari nang ipamahagi sa mga bata sa malalayong lugar at eskwelahan na walang *storage facilities.*

Ang proyektong ito ay mapakikinabangan ng mga benepisyaryo ng *feeding program* ng DA-PCC sa pakikipagtulungan sa Department of Education at Department of Social Welfare and Development.

# Biyaheng BMW

NI **CHARLENE JOANINO**

**Bilang alternatibong mapagbebentahan ng mga produktong may gatas sa panahon ng lockdown, inilunsad ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang Kadiwa ni Ani at Kita (Kadiwa) Buffalo Milk on Wheels (BMW).**

Sa pamamagitan ng BMW ay mailalapit sa mas maraming mamimili ang gatas ng kalabaw.

Ang mga residente ng San Jose City sa Nueva Ecija ang unang nakatikim ng mga produkto ng BMW dahil dito inilunsad at unang nagbiyahe ang *mobile store* noong Abril 27.

"Ang Kadiwa BMW ay naglalayong solusyunan ang suliranin ng mga magsasakang maggagatas sa pagpoproseso at pagbebenta ng gatas dahil sa COVID-19 *pandemic*," ani Dr. Eufrocina Atabay, DA-PCC *Scientist I* at *officer-in-charge* ng Research and Development Division (RDD) na nangangasiwa ng Kadiwa BMW.

Ang Kadiwa BMW ay kabilang sa mga inisyatiba sa mga proyekto ng DA-PCC na *Creating Opportunities through Value Innovations Development (COVID)* at Gatas, Isda, Gulay at Karne (GIGK) na alinsunod sa "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat Kontra COVID-19" ng DA.

Ang *Central Dairy Collecting and Processing Facility* ng DA-PCC ang nagpoproseso ng gatas mula sa magsasaka sa tatak na Milka Krem.



Bukas ang BMW sa mga mamimili ng produktong may gatas tulad ng *pasteurized milk, yoghurt-flavored drink, chocomilk, pastillas,* kesong puti, at Milkybun.

Sa pagsisimula ng Kadiwa BMW, ilan sa mga empleyado ng ahensiya na mananaliksik at siyentista ay nagboluntaryo sa pamamalakad ng BMW.

Sa likod ng operasyon ng Kadiwa BMW ay ang grupo ng mga eksperto mula sa DA-PCC Planning and Information Management Division - Business Development and Commercialization Unit, Knowledge Management Division, NIZ Coordinating Unit, at iba't ibang *units* ng RDD.

Ang Kadiwa BMW ay tinatangkilik ng mga bago at suking mamimili na nagbigay ng mga positibong komento para sa mga produkto.

Samantala, nagkaroon naman ng sabay-sabay na *launching* ng BMW sa DA-PCC *regional network* sa iba't ibang panig ng bansa noong Mayo kasabay ng pagdiriwang ng Buwan ng Magsasaka at Mangingisda.

Bukod sa Kadiwa BMW, hinikayat din ang mga *resellers* na "makisakay" sa naturang adbokasiya, na ang pangunahing layunin ay hindi lamang mabigyan ng mapagkakakitaan ang mga magsasaka at mga pribadong sektor, kundi makatulong din sa pagpapalakas ng *immunity* laban sa COVID-19.

Ani Dr. Atabay, sa kalauna'y ipauubaya na ang pamamahala ng Kadiwa BMW sa mga kooperatiba.

Narito ang mga naging biyahe ng Kadiwa BMW sa iba't ibang panig ng bansa mula Abril hanggang Hunyo:

**DA-PCC sa Mariano Marcos State University**
Batac, Ilocos Norte

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **697 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php75,285.00**
Lugar: **Piddig, Banna, Pagudpud, Dumalneg, at Bacarra**

**DA-PCC sa Cagayan State University**
Tuguegarao City, Cagayan

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **2,332.05 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php225,148.75**
Lugar: **Tuguegarao City**

**DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University**
Rosario, La Union

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **2,592 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php237,995.00**
Lugar: **San Fernando City, San Juan, San Gabriel, at Balaoan**

**DA-PCC National Headquarters and Gene Pool**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **4,113.76 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php693,184.60**
Lugar: **San Jose City, Science City of Muñoz, Bongabon, Carranglan, Rizal, Llanera, Guimba, Pantabangan Talavera, at Cabiao**

**DA-PCC sa Central Luzon State University**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **482 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php77,236**
Lugar: **Pampanga at Bulacan**

**DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños**
Los Baños, Laguna

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **215 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php17,102.00**
Lugar: **General Trias at Bacoor**

**DA-PCC sa Visayas State University**
Baybay City, Leyte

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **2,770.75 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php213,854.00**
Lugar: **Baybay City, Ormoc City, Maasin City, Mahaplag, Abuyog, Hilongos, Bato, Hindang, Biliran, Limasawa, at Mochoron South**

**DA-PCC sa West Visayas State University**
Calinog, Iloilo

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **428.56 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php46,350.00**
Lugar: **Iloilo City, New Lucena, Zarraga, Maasin, at San Miguel**

**DA-PCC sa La Carlota Stock Farm**
La Granja, La Carlota CIty, Negros Occidental

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **387 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php40,525.00**
Lugar: **Dumaguete City, Tanjay City, at Bais City**

**DA-PCC sa Ubay Stock Farm**
Ubay, Bohol

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **130 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php19,350.00**
Lugar: **Ubay**

**DA-PCC sa University of Southern Mindanao**
Kabacan, North Cotabato

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **4,535 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php408,060.00**
Lugar: **Kabacan, Kidapawan, Carmen, Pikit, Mlang, Makilala, Matalam, Tulunan, Sto. Niño, Surallah, at Esperanza**

**DA-PCC sa Central Mindanao University**
Maramag, Bukidnon

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **164 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php18,775.00**
Lugar: **Don Carlos, Valencia City, at Maramag**

**DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Complex**
Kalawit, Zamboanga Del Norte

Kabuuang dami ng naibentang gatas: **1,801.71 L**
Kabuuang halaga ng napagbentahan: **Php175,660.00**
Lugar: **Dumalinao, Labangan, Pagadian, Tukuran, Zamboanga City, at Dapitan City**


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac, Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahalang Patnugot:** Charlene S. Joanino
**Panrehiyong Patnugot** Mari Joan A. Nefulda, Emy Goritte E. Gorra, Jeson C. Candole
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Nag-ambag ng Artikulo:** Maria Antonette G. Andarza, Aileen L. Bulusan, Jeson C. Candole, Rodolfo Jr. T. Valdez
**Layout:** Chrissalyn L. Marcelo
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene S. Joanino
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio